IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

# Pedagohiya at Hamon sa Pagtuturo ng Filipino: Isang Paglalahad ng mga Karanasan at Estratehiya ng mga Guro sa Filipino sa mga Kursong Teknikal

**PENIE O. VARQUEZ**
Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.
penievarquez89@ gmail.com

*Abstrak* — Ang pag-aaral na ito ay naglalayong magbigay-liwanag sa mga karanasan at hamon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa mga kursong teknikal sa mga pampublikong paaralan sa Lungsod ng Samal. Gamit ang penomenolohikal na pamamaraan, isinuri ang mga kuwento at karanasan ng mga guro na nagtuturo sa mga kursong may major na Filipino sa ika-11 at 12 na baitang. Inilahad ng mga kalahok na guro ang mga suliranin tulad ng kakulangan sa kagamitan at hindi sapat na kaalaman sa mga teknikal na termino. Sa kabila ng mga hamon, ipinasikat nila ang mga positibong karanasan, tulad ng matagumpay na pagtuturo sa kabila ng limitadong mga resources, at ang kahalagahan ng teknolohiya sa pagtuturo. Ayon sa mga guro, isang malaking bahagi ng tagumpay sa pagtuturo ng Filipino sa mga teknikal na kurso ay ang patuloy na propesyunal na pag-unlad. Binigyang-diin nila ang kahalagahan ng pagsasanay at pag-aaral ng makabagong estratehiya at teknolohiya upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo.
Ipinapanukala ng pananaliksik ang pangangailangan ng regular na pagrerepaso ng kurikulum upang matugunan ang mga kasalukuyang pangangailangan ng mga guro at mag-aaral. Mahalaga ring magpatuloy ang pagpapalawak ng pagsasanay, na hindi lamang nakatuon sa mga tradisyonal na paraan ng pagtuturo kundi pati na rin sa mga kasanayan sa pagsasalin ng teknikal na ideya at paggamit ng modernong teknolohiya upang maging mas epektibo sa pagtuturo ng Filipino sa mga kursong teknikal.

***Keywords* — *Filipino, teknikal na kurso, penomenolohikal na pamamaraan, kurikulum, teknolohiya, propesyunal na pag-unlad, interdisiplinaryong kolaborasyon.***

## I. Introduksyon

Ang wika ay mahalagang kasangkapan sa komunikasyon at pagkatuto. Sa edukasyong Pilipino, ang Filipino bilang pambansang wika ay may layuning paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, at pagsasalita. Subalit sa mga kursong teknikal, ang pagtuturo ng Filipino ay humaharap sa mga hamong pangkurikulum at pedagogikal. Sa antas pambansa, isa sa pangunahing hamon ang kakulangan ng mga guro na may sapat na kaalaman sa pagsasalin at pagtuturo ng teknikal na terminolohiya sa wikang Filipino, gayundin ang limitadong materyales at gabay para sa kontekstuwalisadong pagtuturo sa mga espesyalisadong larang.

Ang karanasang ito ay hindi natatangi sa Pilipinas. Sa Thailand (Tang, 2020) at India (Hindustan Times, 2020), naging suliranin din ang paggamit ng katutubong wika sa teknikal na

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

edukasyon kabilang ang kakulangan sa pagsasanay ng guro, kahirapan sa paggamit ng angkop na termino, at mababang motibasyon ng mag-aaral. Sa Pilipinas, lumitaw sa mga pagsusulit sa Filipino na mababa ang pagganap ng mga mag-aaral sa teknikal na strand, gaya ng ulat sa Island Garden City of Samal kung saan 55% lamang ang nakamit na marka (DepEd, 2025).

Sa kabila ng kahalagahan ng Filipino sa teknikal na edukasyon, kakaunti pa lamang ang mga pananaliksik na sumasaliksik sa pedagohiya at mga konkretong hamon ng mga guro sa ganitong konteksto. Layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin ang mga karanasan ng mga guro ng Filipino sa pagtuturo sa kursong teknikal ang kanilang mga estratehiya, hamon, at inisyatiba para sa propesyunal na pag-unlad. Ang makalap na datos ay inaasahang magsisilbing batayan sa pagpapahusay ng pagtuturo ng Filipino at paglinang ng mga patakarang pang-edukasyon na angkop sa teknikal na larangan.

Nilalayon ng pag-aaral na ito na mailarawan ang mga karanasan, pedagohikal na estratehiya, at hamon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa mga kursong teknikal. Gamit ang disenyong kuwalitatibo at penomenolohikal, layunin ding matukoy ang epektibong estratehiya sa kontekstong teknikal na maaaring maging batayan sa pagpapahusay ng pedagohiya at pagbuo ng mga mungkahing hakbang para sa propesyunal na pag-unlad ng mga guro. Inaasahan ding makapag-ambag ang pananaliksik sa pagbabalangkas ng mga polisiyang pang-edukasyon para sa mas mataas na kalidad ng pagtuturo ng Filipino sa mga teknikal na larang.

## Mga Kaugnay na Mahahalagang Literatura

### *Mga Pedagohiya sa Pagtuturo ng Filipino sa mga Teknikal na Kurso*

Ayon kina Castillo at Reotutar (2020), ang paggamit ng kontekstuwalisadong pagtuturo ay epektibong pedagogical approach sa mga teknikal na kurso. Ipinapakita sa kanilang pag-aaral na kapag inilapat ang mga teknikal na konsepto sa mga lokal na karanasan ng mga mag-aaral, mas nagiging makabuluhan at nauunawaan ang aralin.

Samantala, binigyang-diin ni Alonzo (2019) na ang integratibong pedagogical strategy ay mahalaga sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga kursong teknikal sapagkat nakatutulong ito upang maipakita ang ugnayan ng wika at larang. Ginagamit ng mga guro ang multi-disiplinaryong lapit upang ipaliwanag ang teknikal na nilalaman gamit ang wikang Filipino.

### *Mga Hamon sa Pagtuturo ng Filipino sa mga Teknikal na Disiplina*

Batay sa pag-aaral nina Tarrayo at Tanguilig (2021), isa sa mga pangunahing hamon ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa teknikal na kurso ay ang limitadong mga sanggunian at salin sa teknikal na terminolohiya. Nagiging sagabal ito sa pagpapadali ng konseptong teknikal sa wikang mas mauunawaan ng mga mag-aaral.

Sa pananaliksik ni Lacson (2020), nabanggit na ang mismong kahandaan ng mga guro lalo na yaong hindi eksperto sa teknikal na larang ay isa ring malaking balakid. Kakulangan sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pagsasanay, orientasyon, at suportang administratibo ang madalas na dahilan ng kawalan ng tiwala ng mga guro sa sarili nilang kakayahan.

***Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino sa mga Teknikal na Kurso***

Ayon kay Mabuan (2022), ang paggamit ng digital na teknolohiya tulad ng videos, infographics, at lokal na case studies ay napatunayang mabisang estratehiya sa pagpapadali ng pag-unawa sa teknikal na konsepto gamit ang Filipino. Iminumungkahi sa pag-aaral ang mas aktibong paggamit ng multimedia upang palawakin ang karanasan ng mga estudyante.

Dagdag pa rito, binanggit ni Ramos (2018) na ang kolaboratibong pagkatuto ay isang epektibong paraan upang malampasan ng mga guro ang mga hamon sa pagtuturo ng teknikal na asignatura sa Filipino. Sa pamamagitan ng team teaching at pagbabahaginan ng materyales, napapagaan ang pasanin ng mga gurong may limitadong kaalaman sa larang.

***Kahalagahan ng Patuloy na Propesyunal na Pag-unlad ng mga Guro***

Sa pananaliksik ni Francisco (2023), malinaw na lumitaw na ang mga gurong may sapat na access sa seminar, training, at mentoring ukol sa content at pedagogical strategies para sa teknikal na asignatura ay mas nagkakaroon ng kumpiyansa sa pagtuturo. Ang patuloy na propesyunal na pag-unlad ay hindi lamang nakatutulong sa guro kundi pati na rin sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, sinabi ni Sevilla (2021) na mahalagang bahagi ng tagumpay sa pagtuturo ang suporta mula sa institusyon. Ang mga paaralan na aktibong nagbibigay ng oportunidad sa professional development ay nakapagpapalakas sa kapasidad ng mga guro na harapin ang mga teknikal at pedagogical na hamon.

## II. Pamamaraan

Tinalakay sa kabanatang ito ang disenyo at metodolohiya ng pananaliksik, kabilang ang pilosopikal na batayan, disenyo ng pag-aaral, mga kalahok, etikal na pagsasaalang-alang, at proseso ng pangangalap at pagsusuri ng datos. Ginamit ang kuwalitatibong lapit upang tuklasin ang mga karanasan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa mga kursong teknikal sa mga pampublikong paaralan sa Island Garden City of Samal. Mahigpit na isinasaalang-alang ang etika upang mapangalagaan ang dignidad ng mga kalahok, habang ang kanilang mga salaysay ay nagsilbing sentrong datos sa pag-unawa sa pedagohiya at hamon ng pagtuturo sa teknikal na larang.

### Pilosopikal na Paniniwala

Ayon kina Creswell at Poth (2018), may apat na pangunahing dimensyong pilosopikal na dapat isaalang-alang ng mananaliksik: ontolohiya, epistemolohiya, aksiolohikal, at metodolohikal.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Sa pag-aaral na ito, ang ontolohikal na pananaw ay tumutukoy sa pagtanggap na ang mga guro ay may kanya-kanyang katotohanan na nakaugat sa kanilang mga indibidwal na karanasan sa pagtuturo. Sa epistemolohikal na aspeto, pinili ng mananaliksik ang malapitang pakikipag-ugnayan sa mga kalahok sa pamamagitan ng panayam upang mas maunawaan ang kanilang pananaw at damdamin. Sa aksiolohikal na dimensyon, malinaw ang pagkilala sa papel ng sariling pagpapahalaga ng mananaliksik lalo na sa pagbibigay-galang sa mga emosyon at karanasang ibinahagi ng mga kalahok.

***Pilosopikal na Palagay***

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa penomenolohikal na pananaw kung saan ang kaalaman ay itinuturing na bunga ng aktwal na karanasan at malalim na pagninilay ng mga kalahok. Isinulong ang *subjective epistemology*, na kinikilala ang mga guro bilang pangunahing batis ng kaalaman sa pagtuturo ng Filipino sa teknikal na konteksto. Sa ontolohikal na aspekto, tinanggap na ang realidad ng mga kalahok ay natatangi at hinubog ng kanilang pedagogikal na karanasan.

Isinasaalang-alang din ang aksiyolohikal na pananaw, na nagtampok sa etikal at makataong paglapit sa pananaliksik tinitiyak ang integridad, katarungan, at respeto sa salaysay ng bawat guro. Sa metodolohikal na antas, ginamit ang penomenolohikal na pamamaraan upang masusing masuri at maipakahulugan ang mga kwento ng kalahok batay sa kanilang sariling pananaw at konteksto.

Higit pa rito, pinanghawakan ng pananaliksik ang mga kuwalitatibong palagay tulad ng katapatan ng mga kalahok, etikal na pagsasagawa ng panayam, at pagiging bukas ng mananaliksik sa proseso ng pag-unawa. Ang lahat ng ito ay nagbigay daan sa mas malalim na paglalantad ng mga realidad at estratehiya ng pagtuturo ng Filipino sa larangang teknikal.

***Disenyo ng Pananaliksik***

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kuwalitatibong disenyo, partikular ang penomenolohikal, upang ilarawan at unawain ang mga karanasan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa mga kursong teknikal. Gamit ang pinalalim na panayam, tinipon ang mga pananaw at karanasan ng mga kalahok mula sa mga pampublikong paaralan sa Island Garden City of Samal. Layunin ng disenyo na masiyasat ang kanilang mga hamon, estratehiya, at tagumpay sa pagtuturo (Creswell, 2018; Hancock et al., 2009).

***Mga Pamantayang Etikal***

Sinunod sa pag-aaral ang mga pamantayang etikal upang mapanatili ang integridad ng pananaliksik, maprotektahan ang mga kalahok, at tiyakin ang kalidad ng datos (Bhandari, 2024). Kabilang dito ang sumusunod:

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Kahalagahang Panlipunan***

Naglalayong mag-ambag ang pananaliksik sa pag-unlad ng pedagogiya sa Filipino, lalo na sa teknikal na konteksto. Nagbigay ito ng kaalaman sa mga salik na nakaapekto sa pagtuturo at naging batayan para sa mga guro, tagabuo ng kurikulum, at tagagawa ng polisiya (Resnik, 2020).

***Kusang-loob na Paglahok***

Tiniyak ang boluntaryong paglahok ng mga kalahok. Ipinaliwanag nang maayos ang kanilang karapatang umatras anumang oras nang walang parusa. Ang lahat ng impormasyon ay ginawang kompidensyal (Resnik, 2020).

***Kasunduan***

Binigyan ang mga kalahok ng malinaw na impormasyon ukol sa layunin, proseso, at posibleng epekto ng pananaliksik. Nakapaloob sa mga apendiks ang nilagdaang informed consent form (Gelling, 2021).

***Pagkubli ng Pagkakakilanlan at Pagiging Kompidensyal.***

Tiniyak sa pananaliksik na ito ang pagkakubli ng pagkakakilanlan ng mga kalahok sa pamamagitan ng paggamit ng mga natatanging koda imbes na tunay na pangalan. Hindi kinolekta ang anumang sensitibong impormasyong mag-uugnay sa mga kalahok. Ang lahat ng datos ay ligtas na nakaimbak at may access lamang ang mananaliksik. Pinanatili rin ang pagiging kompidensyal sa lahat ng yugto ng pag-aaral upang maprotektahan ang karapatan at pribadong impormasyon ng mga kalahok (Babbie, 2020; Horner & Frank, 2020).

***Pag-iwas sa Panganib at Pangangalaga sa mga Kalahok.***

Isinagawa ang maingat na pagsusuri upang matiyak na ang mga kalahok ay hindi malalagay sa panganib. Minimal lamang ang mga potensyal na panganib dahil nakatuon ang pananaliksik sa pagbabahagi ng mga karanasan at hindi sa sensitibong impormasyon (Resnik, 2020). Isinasaalang-alang ang posibleng kahinaan ng mga kalahok, isinagawa ang mga karampatang hakbang upang mapanatili ang kanilang kapakanan at kaligtasan (Beauchamp & Childress, 2019).

***Salungatan ng Interes at Katarungan.***

Ipinahayag ang anumang posibleng salungatan ng interes upang matiyak ang integridad at obhetibidad ng pananaliksik (Resnik, 2020). Pantay-pantay ang naging pagkakataon ng lahat ng kalahok sa paglahok, anuman ang kanilang pinagmulan. Nilinaw din sa kanila ang layunin at saklaw ng pananaliksik upang makalahok sila nang may sapat na kaalaman (Miller et al., 2020).

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Mga Kalahok at Paraan ng Pagpili***

Ang mga kalahok sa pananaliksik ay sampung (10) gurong nagtuturo ng Filipino sa mga kursong teknikal sa baitang 11 at 12. Pinili sila gamit ang purposive sampling, alinsunod sa kanilang karanasan ng limang taon pataas sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ginamit ang pamamaraang ito upang matiyak na makakalap ang mayamang datos batay sa espesipikong layunin ng pananaliksik (Polkinghorne, 1989; Patton, 2015).

***Instrumento ng Pananaliksik***

Gumamit ako ng *semi-structured* na panayam at mga *probe questions* upang masinsinang matuklasan ang mga karanasan ng mga guro. Ang mga tanong ay dumaan sa ekspertong balidasyon upang masiguro ang bisa at kaangkupan ng instrumento. Isinagawa ang rebisyon batay sa mungkahi ng mga dalubhasa mula sa larangan ng edukasyon at pananaliksik upang masigurong angkop ito sa layunin ng pag-aaral.

***Tungkulin ng Mananaliksik***

Bilang pangunahing mananaliksik, ginampanan ko ang papel sa pagdisenyo, pangangalap, pagsusuri, at interpretasyon ng datos. Tiniyak ko ang transparency, etikal na pamantayan, at pagsunod sa mga patnubay ni Creswell (2013) at Tracy (2012), lalo na sa pakikisalamuha sa mga kalahok at sa pangangalaga sa kanilang kapakanan sa kabuuan ng proseso ng pananaliksik.

**Paglikom ng mga Datos**

Sa kuwalitatibong pananaliksik, hindi kinakailangang makuha ang datos mula sa lahat ng tao sa komunidad. Ayon kina Creswell at Creswell (2017), maaaring gamitin ang pagmamasid, pakikipanayam, at awdyo-biswal na kagamitan sa pangangalap. Batay kay Patton (2015), ang mga kalahok ay dapat may sapat na kaalaman sa kanilang partisipasyon.

Bilang mananaliksik, humingi ako ng pahintulot mula sa mga kinauukulan tulad ng Dekana ng Rizal Memorial Colleges at Tagapamanihalang Pansangay ng Island Garden City of Samal upang maisagawa ang pag-aaral. Nakipag-ugnayan din ako sa mga punong-guro ng mga paaralan upang ayusin ang iskedyul ng panayam. Pinili ang mga kalahok na mga guro ng Filipino sa mga kursong teknikal na may higit limang taong karanasan at may pangunahing disiplina sa Filipino. Personal akong nagbigay ng pormal na liham-pahintulot sa mga napiling guro at ipinaalam sa mga punong-guro ang kanilang partisipasyon. Ang kanilang paglahok ay kusang-loob, at isinagawa ang oryentasyon para sa takdang oras at lugar ng panayam. Ipinabatid na ang mga panayam ay itatala at i-transcribe, at ginamit ang alyas upang itago ang pagkakakilanlan ng mga kalahok. Tiniyak kong ang mga impormasyong makakalap ay gagamitin lamang para sa layunin ng pananaliksik.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Pagsusuri ng mga Datos**

Ayon kina Lapadat at Lindsay (1998), mahalagang isulat ang mga sagot mula sa pakikipanayam upang masuri nang maayos. Ang kuwalitatibong pagsusuri ng datos ay isang malalim na proseso ng interpretasyon gamit ang mga pangungusap at talata (Saldaña, 2009).

Ginamit ko ang hakbang ng *phenomenological analysis* ni Saldaña (2009) na binubuo ng: transkripsyon, pagbuo ng kahulugan, pagkategorya at pagklaster ng tema, tematikong pagsusuri, depinisyon ng tema, pagkaltas ng resulta, at balidasyon.

Pinili ang tematikong pagsusuri dahil sa kakayahang magbigay ng flexible at makabuluhang interpretasyon, at maaaring gamitin bilang theory-driven o data-driven na paraan (Clarke at Braun, 2013). Nakatuon ito sa paghahanap ng mga pattern sa datos na makatutulong sa malalim na pagsusuri (Miles & Huberman, 1994).

**Paghahanda at Pag-aayos ng mga Datos sa Pagtatasa**

Dahil malaki ang datos na nakalap, kabilang ang mahahabang panayam at mga tala mula sa pagmamasid, mahalaga ang masinop na pagsasaayos. Tinipon ko ang lahat ng audio-biswal na kagamitan sa isang lugar, inilapat ang mga tala sa elektronikong anyo, at sinu-scan ang pisikal na dokumento para mailipat sa digital na format. Gumamit ako ng sistema ng klasipikasyon upang maging organisado ang pagsusuri.Bagaman teknikal ang prosesong ito, ito ang pundasyon ng tematikong pagsusuri. Sa maayos na pag-aayos ng datos, naging mas sistematiko at organisado ang pagsusuri at pagbubuo ng mga tema.

**Transkripsiyon**

Nang matapos ang pangangalap, isinagawa ko ang verbatim na transkripsyon ng mga audio recording upang eksaktong maisalin ang bawat pahayag ng kalahok. Ang tekstuwalisasyon ng datos ang naging unang hakbang sa masinsinang pagsusuri. Bilang bahagi ng paunang pagsusuri, pinakinggan muli ang mga rekording habang isinulat ang mga tugon ayon sa tanong ng pananaliksik. Nakapagbigay ito ng mahahalagang hinuha at mas pamilyar ako sa mga nilalaman at limitasyon ng datos, na nagsilbing gabay sa mas malalim na pagsusuri.

**Pagtatala ng Datos**

Habang sinusuri ang mga tugon, bumuo ako ng pansamantalang interpretasyon upang maunawaan ang mga pahayag at maipaliwanag ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa teknikal na kurso. Ayon kay Dey (1993), ang pagtatala ng datos ay hindi agad konklusibo kundi paanyaya para sa mas malalim na pagsusuri. Napansin ang mga *pattern* sa mga pahayag na nagsilbing paunang paliwanag. Gayunpaman, itinuturing ang mga ito bilang pansamantala hanggang sa mapagtibay sa tematikong pagsusuri.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## III. Pagtalakay sa Mga Kinalabasan

***Mga Mapanghamong Karanasan sa Pagtuturo ng Filipino***

Ang pagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga kursong teknikal sa Sangay ng Island Garden City of Samal ay isang patuloy na hamon para sa mga guro. Kabilang sa mga pangunahing suliranin ang kakulangan sa angkop na kagamitan, limitadong oras para sa masusing pagtalakay ng mga paksa, at di-pagkakatugma ng mga teknikal na termino sa wikang Filipino. Ang mga ito ay nagiging balakid sa epektibong pagtuturo at pagkatuto.

Ipinahayag ng mga guro ang kahirapan sa kakulangan ng mga materyales at sanggunian, lalo na sa pagsasalin ng teknikal na terminolohiya sa Filipino. Sa kabila nito, may positibong tugon tulad ng kolaborasyon sa mga kapwa guro upang mapunan ang kakulangan. Tinatanggap ng mga guro ang hamon bilang oportunidad para sa personal at propesyonal na paglago.

Ang mga pag-aaral nina Dela Cruz (2019) at Gonzales (2021) ay sumusuporta sa natuklasan na kakulangan sa instructional materials at pagsasanay ang pangunahing hamon, ngunit ipinapakita rin ang kahalagahan ng kontekstuwalisadong pagtuturo upang mas maintindihan ng mga mag-aaral ang teknikal na nilalaman sa Filipino.

**Mga Positibong Karanasan at Kasiya-siyang Kinalabasan**

Bukod sa mga hamon, nakaranas din ang mga guro ng positibong karanasan gaya ng pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan sa teknikal na wika, pagbuo ng makabago at epektibong pamamaraan ng pagtuturo, at pagpapahalaga sa Filipino bilang mahalagang bahagi ng kanilang propesyonal na pag-unlad. Ipinapakita nito ang kanilang dedikasyon sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo kahit na bago sila sa asignaturang ito.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Cruz at Javier (2021) na nagpapakita ng positibong epekto ng paggamit ng Filipino sa teknikal na komunikasyon, at ng pananaliksik nina Santos at Villanueva (2023) na nagpatunay ng pagtaas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagtalakay ng mga ideya gamit ang sariling wika.

**Pagsasanib ng Teknolohiya at Inobasyon sa Pagtuturo**

Isa pang tema ay ang paggamit ng teknolohiya at inobasyon sa pagtuturo. Nakita ng mga guro na mas epektibo ang pagtuturo kapag nauugnay ito sa praktikal na aplikasyon gamit ang mga halimbawa mula sa *engineering, tech-voc, at ICT*. Nakatulong ang teknolohiya upang maging mas magaan, interaktibo, at makabago ang pagtuturo ng Filipino sa mga teknikal na kurso.

Ang pag-aaral nina Almonte, De Guzman, at Abad ay nagtala ng mga estratehiya tulad ng paggamit ng PowerPoint, Canva, video simulations, at LMS na nagpaigting ng partisipasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

**Pagpapahusay ng Karanasan sa Pagtuturo**

Sa huli, mahalaga para sa mga guro ang pag-angkop ng pamamaraan sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral. Ginagamit nila ang mga tunay na halimbawa at awtentikong sitwasyon mula sa buhay ng mga estudyante upang gawing relevant at makahulugan ang pagtuturo. Ipinapakita nito ang kanilang malalim na pag-unawa sa pangangailangan ng mga mag-aaral at ang kanilang dedikasyon sa pagdisenyo ng mga araling naaayon sa realidad ng mga ito.

**Pagtatagumpay ng mga Guro ng Filipino sa Pagtuturo ng mga Kursong Teknikal**

Ang pagtuturo ng Filipino sa mga kursong teknikal ay isang mahalagang bahagi ng edukasyong pang-Senior High School sa Island Garden City of Samal. Sa kabila ng mga hamon at pagbabago sa sistema ng edukasyon, matagumpay na naipamalas ng mga guro ng Filipino ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng mga teknikal na asignatura gamit ang wikang Filipino. Batay sa pagsusuri ng mga sagot ng mga kalahok sa ikalawang tanong ng pananaliksik, lumitaw ang tatlong pangunahing tema na naglalarawan sa kanilang tagumpay: paggamit ng makabagong estratehiya at teknikal na aplikasyon; pag-aangkop ng pagtuturo sa pangangailangan ng mag-aaral; at pagtutok sa paghahanda at pananaliksik para sa pagtuturo.

**Paggamit ng Makabagong Estratehiya at Teknikal na Aplikasyon**

Sa kasalukuyang panahon, ang integrasyon ng teknolohiya at makabagong estratehiya sa pagtuturo ay kinikilala bilang isang epektibong tugon sa mabilis na pagbabago ng mga paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kay Cabansag (2014), ang paggamit ng teknolohiya sa edukasyon ay hindi lamang nagpapadali sa proseso ng pagtuturo kundi nagbibigay din ng mas makabuluhang karanasan sa pagkatuto.

Mula sa mga naratibo ng mga kalahok, lumitaw ang tema ng paggamit ng makabagong estratehiya at teknikal na aplikasyon bilang tugon sa mga hamon sa pagtuturo ng Filipino sa teknikal na kurso. Ilan sa mga salaysay ay nagsasaad na ang paggamit ng mga multimedia tools tulad ng mga video, animation, at audio clips ay nakatutulong upang maging mas kaakit-akit at malinaw ang pagpapaliwanag ng mga konsepto (K2). Bukod dito, nabanggit ang paggamit ng mga interactive tools gaya ng simulations at online training na nagbibigay ng personalisadong karanasan sa pagkatuto batay sa antas ng kakayahan ng mag-aaral (K3, K7).

Ang paggamit ng mga teknolohiyang ito ay nagpapalawak ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin, at nagsisilbing instrumento upang mahikayat ang mas aktibong partisipasyon sa klase. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga pahayag na ito ang malaking kontribusyon ng makabagong teknolohiya sa tagumpay ng pagtuturo ng Filipino sa konteksto ng teknikal na edukasyon.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Pag-aangkop ng Pagtuturo sa Pangangailangan ng Mag-aaral**

Ang pangalawang tema ay nakatuon sa pag-aangkop ng mga guro ng Filipino sa mga pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Ayon sa mga kalahok, mahalaga ang pagbibigay-pansin sa mga interes, kaligiran, at antas ng kakayahan ng mga mag-aaral upang maging epektibo ang pagtuturo (K1). Sa ganitong paraan, nagagawa nilang gawing mas madali at mas epektibo ang pag-unawa sa mga teknikal na konsepto sa pamamagitan ng malinaw na paliwanag at paggamit ng mga konkretong halimbawa mula sa tunay na buhay (K4).

Pinapakita rin sa mga salaysay na matagumpay na naipapahayag ng mga guro ang kahalagahan ng Filipino sa teknikal na kurso sa pamamagitan ng integrasyon ng mga teknikal na terminolohiya sa wikang Filipino, paggamit ng mga halimbawa at aplikasyon ng wika sa industriya, at paggamit ng mga multimedia at interactive tools upang maging mas dinamiko at kawili-wili ang pag-aaral (K5).

Ang mga estratehiyang ito ay nagpapalawak sa kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang Filipino sa mga larangan ng agham, teknolohiya, at iba pang mga asignatura, at nakatutulong upang mas maunawaan nila ang kaugnayan ng kanilang pag-aaral sa mga tunay na sitwasyon sa trabaho.

**Pagtututok sa Paghahanda at Pananaliksik Para sa Pagtuturo**

Ang ikatlong tema ay ang kahalagahan ng masusing paghahanda at pananaliksik bilang pundasyon ng matagumpay na pagtuturo. Ipinapakita sa mga salaysay na ang mga guro ay patuloy na nagsusumikap na mapabuti ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pamamagitan ng pag-aaral, paghahanap ng bagong mga materyales, at paggamit ng mga online resources (K6, K8). Bukod dito, ang aktibong paglahok sa mga kumperensiya at pulong ay nakatutulong upang mapalawak ang kanilang kaalaman at mapagtuunan ng pansin ang mga hamon sa pagtuturo ng Filipino sa teknikal na konteksto (K9).

Isang makabuluhang halimbawa ay ang paggamit ng *project-based learning* kung saan ang mga output ng mag-aaral ay nasa wikang Filipino ngunit nakapokus sa teknikal na larangan, na nagpapalalim ng aplikasyon ng wika sa praktikal na sitwasyon (K10).

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga pahayag na ito ang malalim na pagpapahalaga ng mga guro sa patuloy na pag-unlad at inobasyon sa pagtuturo ng Filipino. Ang kanilang pagiging bukas sa mga bagong kaalaman at paggamit ng mga makabagong teknolohiya at pamamaraan ay nagbigay-daan upang maging matagumpay sila sa kanilang propesyon.

**Kaugnayan sa mga Naunang Pag-aaral**

Ang mga temang lumitaw sa pananaliksik na ito ay sumusuporta sa pahayag ni Lorbis (2019) na maraming guro ang nakabubuo ng malikhaing estratehiya upang mapadali ang pagkatuto. Ang paggamit ng kontekstuwalisadong mga kagamitang pampagtuturo ay nagpapataas

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

ng pag-unawa sa mga asignatura, kabilang na ang Araling Panlipunan. Gayundin, pinatutunayan ng Albay Journal (2023) ang malaking kontribusyon ng mga pagsasanay at seminar para sa mga guro sa larangan ng wika at teknikal na edukasyon sa kanilang propesyunal na paglago.

Dagdag pa rito, ipinakita nina Quidato at Federizo (2023) ang epektibong pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo sa Filipino para sa mga kursong teknikal, tulad ng sa karpinterya, na naglalayong mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa teknikal na pagsulat at komunikasyon.

***Mga Kuro-Kuro at Pagninilay ng mga Guro sa Pagtuturo ng mga Kursong Teknikal sa Filipino***

Mahalagang suriin ang pananaw at karanasan ng mga guro tungkol sa pagtuturo ng teknikal na kurso sa Filipino upang mas maunawaan ang papel ng wika sa teknikal na edukasyon at mapabuti ang sistema ng pagtuturo. Mula sa datos, lumitaw ang tatlong pangunahing tema: kahalagahan ng Filipino sa teknikal na larangan; kakulangan ng sanggunian, diksyunaryo, at pagsasanay; at pananagutan ng guro sa pagpapaliwanag ng mga teknikal na ideya.

**Filipino bilang Mahalagang Midyum sa Pagtuturo ng mga Kursong Teknikal**

Pinatutunayan ng datos na mas epektibo at makabuluhan ang pagkatuto kapag ginagamit ang wikang Filipino, na nagdudulot ng mas personal na koneksyon ng mga mag-aaral sa aralin. Sinusuportahan ito ng mga pag-aaral nina Constantino (1994) at Gonzales (2016) na nagpapakita ng intelektwalisasyon ng Filipino sa teknikal na edukasyon, na naglalayong gawing inklusibo ang diskurso at palawakin ang partisipasyon ng mga mag-aaral. Ayon sa mga guro, ang paggamit ng Filipino ay hindi lamang nagpapadali ng pagkatuto kundi nagpapalawak rin ng kasanayan sa teknikal na wika at nagpapalakas ng kumpiyansa sa pakikipagtalastasan sa kani-kanilang larangan. Mahalaga rin ang content-based approach na nakatuon sa mga konsepto kaysa sa teknikalidad ng wika upang mas malinaw maipaliwanag ang kaalaman.

**Kakulangan ng mga Sanggunian, Diksyunaryo, at Pagsasanay**

Isa sa mga pangunahing suliranin ay ang limitadong sanggunian, partikular ang mga teknikal na diksyunaryo at materyales na madaling ma-access, lalo na sa digital na anyo. Madalas ang mga aklat ay luma at hindi na akma sa kasalukuyang teknikal na pag-unlad. Kinakailangan ang mga halimbawa, case studies, at hands-on na mga materyales upang mas maipaliwanag at maunawaan ng mga estudyante ang mga teknikal na konsepto. Ang kakulangan ng sapat at napapanahong sanggunian ay hadlang sa epektibong pagtuturo.

**Pananagutan ng mga Guro sa Pagpapaliwanag ng mga Teknikal na Idea**

Hindi lamang paghahatid ng impormasyon ang tungkulin ng guro, kundi maging ang paglinang ng malalim na pag-unawa at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Tulad ng ipinapahayag nina Vygotsky (1978) at Bruner (1996), ang guro ay nagsisilbing gabay sa pag-unawa ng abstraktong kaalaman. Ipinapakita sa datos na ang mga guro ay aktibong nagtataguyod ng klaripikasyon ng mga teknikal na ideya, pagtatanong para himukin ang kritikal na pag-iisip, at

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pagsasaayos ng pagtuturo ayon sa pangangailangan ng bawat mag-aaral. Kahalagahan din ang patuloy na pagsasanay at seminar upang mapalakas ang kasanayan sa teknikal na pagtuturo at pagsasalin ng mga terminolohiya, na sumusuporta sa mga panukalang pang-edukasyon tulad ng K to 12 (TESDA, 2023). Higit pa rito, binibigyang-diin ang pangangailangan ng suporta sa mga guro, tulad ng oras at pasilidad, upang mapalawak ang kanilang kakayahan lalo na sa pananaliksik at pagpapaunlad ng kalidad ng pagtuturo (Abella et al., 2023).

## IV. Pangunahing Resulta ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay may malalim na implikasyon sa pedagohiya at propesyunal na paglago ng mga guro, partikular sa pagtuturo ng Filipino sa mga kursong teknikal at bokasyonal. Una, binigyang-diin ang kahalagahan ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo tulad ng aktibong pamamaraan at contextualized teaching, na napatunayang nakapagpapataas ng motibasyon at kasanayan ng mga mag-aaral.

Kasunod nito, lumitaw ang pangangailangan para sa mas sistematikong pagsasanay sa pagsasalin at akademikong pananaliksik, lalo na't marami sa mga guro ang nahaharap sa hamon sa paggamit ng Filipino sa teknikal na larangan. Bukod dito, tinukoy din ang kahalagahan ng repaso at adaptasyon ng kurikulum upang mas maging angkop ito sa konteksto ng teknikal na edukasyon, partikular sa pagtutok sa multiliteracies na sumasaklaw sa iba't ibang anyo ng wika at kultura.

Dagdag pa rito, ang paggamit ng ethnographic at qualitative research approaches ay nakatulong upang masusing maunawaan ang mga natatanging karanasan ng mga guro at mag-aaral, na siyang naging batayan sa pagbuo ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo at pagsasalin. Kaugnay nito, malinaw na ang propesyunal na paglago ng mga guro ay nagmumula sa patuloy na pagsasanay, refleksyon, at aktuwal na karanasan sa pagtuturo, na nangangailangan ng mga programa at pagsasanay na tumutugon sa pagbabago ng kurikulum at makabagong pedagogical strategies.

Hindi rin maikakaila na may mga suliranin sa pagtuturo, partikular sa pangangailangan na palawakin ang kasanayan ng mga guro sa pagtutok sa iba't ibang disiplina at pagbutihin ang kanilang mga estratehiya. Sa kabilang dako, mahalaga rin ang papel ng teknolohiya bilang kasangkapan sa pagtuturo, kung saan ang paggamit ng digital tools at online platforms ay nakatutulong upang mapalawak ang accessibility at engagement ng mga mag-aaral. Higit pa rito, binigyang-pansin ng pag-aaral ang etikal na aspeto ng pagtuturo at pananaliksik, tulad ng transparency, informed consent, at pag-iwas sa bias, na sinusuportahan ng mga umiiral na polisiya ng TESDA at DepEd upang mapanatili ang integridad ng edukasyon.

Bukod pa rito, mahalagang tandaan na ang halaga ng pananaliksik ay nakasalalay sa mga kontribusyon nito at benepisyong naibibigay sa mga kasangkot na sektor. Ayon kay Creswell (2014), isang mahalagang pananaliksik ay nagpapaliwanag kung sino ang makikinabang at kung paano magagamit ang mga natuklasan. Sa kontekstong ito, ang kasalukuyang pag-aaral ay

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

nagbibigay ng mga benepisyo sa iba't ibang sektor. Para sa mga guro, ito ay nagsisilbing batayan sa paghahanda ng mga kagamitang panturo at pagpapalawak ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa teknikal na kurso. Para naman sa mga mag-aaral, partikular sa teknikal na larangan, ito ay tumutulong upang maunawaan ang kahalagahan ng Filipino sa kanilang propesyonal na gawain sa pagsulat ng mga teknikal na dokumento.

Sa kabilang banda, makikinabang din ang mga paaralan sa pamamagitan ng paggamit ng mga natuklasang estratehiya upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon, lalo na sa teknikal na institusyon. Bukod dito, nagsisilbi rin itong pundasyon para sa mga susunod pang pananaliksik na tututok sa pedagogical approaches ng pagtuturo ng Filipino sa teknikal na edukasyon. Mula dito, iminungkahi ang pagbuo ng mga teknikal na sangguniang aklat sa Filipino, pagsasagawa ng capacity building para sa mga guro, at paghimok sa pakikipag-ugnayan ng mga guro ng Filipino at teknikal na asignatura upang makabuo ng integratibong materyales.

Higit pa rito, mahalaga ang pagrerepaso ng kurikulum upang matugunan ang pangangailangan ng makabagong mga mag-aaral, pati na rin ang paggamit ng teknolohikal na kagamitan tulad ng video lessons, interactive e-modules, at digital platforms na nagpapalawak ng accessibility at engagement, na mahalaga sa 21st-century learning environment.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang tagumpay sa pagtuturo ng Filipino sa teknikal na edukasyon ay nakasalalay hindi lamang sa wika kundi pati na rin sa paggamit ng inobatibong estratehiya, sapat na pagsasanay, adaptadong kurikulum, etikal na pamantayan, at integrasyon ng teknolohiya. Samakatuwid, kinakailangan ang patuloy na propesyunal na paglago ng mga guro at angkop na suporta upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral.

## References

[1] Albay Journal. (2023). Pagbuo ng programang nakasentro sa karanasan ng mga guro at estudyante sa teknikal na edukasyon. Albay Journal of Education Research.
[2] Alonzo, A. M. (2019). Integrative approaches in teaching Filipino in technical-vocational courses. Journal of Language and Communication, 12(1), 34–45.
[3] Beauchamp, L. (2015). Capacity building and professional development in education. Journal of Teacher Education, 66(3), 201–215.
[4] Castillo, M. P., & Reotutar, R. T. (2020). Kontekstuwalisadong pagtuturo ng Filipino sa mga kursong teknikal: Isang pag-aaral. Philippine Journal of Linguistic Education, 8(2), 56–70.
[5] Charles, R., & Lu, M. (2023). Digital platforms and student engagement in 21st-century learning. Journal of Educational Technology, 45(1), 55–70.
[6] Creswell, J. W. (2014). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (4th ed.). SAGE Publications.
[7] Dela Cruz, M. (2019). Pangangailangan sa teknikal na diksyunaryo at materyales sa pagtuturo. Philippine Journal of Language Studies, 12(2), 77–92.
[8] De Guzman, A., & Abad, L. (2021). Lokal na materyales sa pagtuturo ng Filipino sa teknikal na kurso. Asian Journal of Language Education, 7(4), 143–158.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[9] DepEd. (2024). Kurikulum sa pagtuturo ng Filipino sa teknikal na edukasyon. Department of Education.
[10] Francisco, G. D. (2023). Propesyonal na pag-unlad ng mga guro sa teknikal na edukasyon: Mga salik at epekto. Asian Journal of Teacher Education, 15(1), 101–115.
[11] Gonzales, P. (2021). Kahalagahan ng wikang Filipino sa mga propesyonal na kurso. Philippine Journal of Educational Research, 19(1), 45–60.
[12] Lacson, J. R. (2020). Mga balakid sa pagtuturo ng Filipino sa teknikal na larang: Isang panimulang pagsusuri. Journal of Language, Literature, and Society, 10(3), 76–90.
[13] Mabuan, R. A. (2022). Multimedia-assisted instruction in teaching Filipino to technical students. Journal of Education and Digital Learning, 7(4), 88–102.
[14] Nosaria, J. (2024). Pedagogical development through teacher and student experiences. International Journal of Educational Research, 53(2), 110–125.
[15] Quidato, S., & Federizo, T. (2023). Seminar at online trainings para sa capacity building ng mga guro. Journal of Professional Development in Education, 18(1), 90–104.
[16] Ramos, K. S. (2018). Kolaboratibong pagtuturo sa Filipino: Tugon sa mga hamon ng teknikal na edukasyon. Philippine Journal of Language Pedagogy, 6(2), 22–37.
[17] Santos, R., & Villanueva, E. (2023). Epekto ng makabagong estratehiya at materyales sa pagtuturo ng Filipino. Philippine Journal of Language Teaching, 15(3), 201–218.
[18] Sevilla, L. P. (2021). Suporta ng institusyon at propesyunal na pag-unlad ng mga guro sa teknikal na edukasyon. International Journal of Educational Support Systems, 4(1), 49–63.
[19] Tarrayo, V. N., & Tanguilig, M. (2021). Mga hamon sa pagsasalin ng teknikal na termino sa pagtuturo ng Filipino sa kolehiyo. Philippine Journal of Applied Linguistics, 5(2), 115–129.
[20] TESDA. (2023). Patnubay sa teknikal na edukasyon at pagsasanay. Technical Education and Skills Development Authority.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved